



Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
NATIONAL CAPITAL REGION

---



**JOCELYN DR ANDAYA**  
Regional Director

### **Mensahe sa Pagtatapos**

Nais kong ipaabot ang aking pinakamainit na pagbati sa lahat ng mga magtatapos ng Batch 2023-2024!

Sa pagtahak ninyo ng isang bagong yugto sa inyong buhay, ibinibigay ko ang aking taos-pusong pagbati sa bawat isa sa inyo.

Ang inyong pagtitiyaga, masigasig, at masikhay na pagtatrabaho ang nagdala sa inyo sa mahalagang okasyong ito. Sa bawat pagsubok at tagumpay, ipinakita ninyo ang katatagan at determinasyon na tunay na kahanga hanga. Ngayon, ipinagdiriwang natin hindi lamang ang inyong mga tagumpay sa larangan ng edukasyon, kundi pati na rin ang inyong pag-unlad bilang mga indibidwal—ang inyong pagkatao, pagmamalasakit, at dedikasyon.

Ang temang ito ng taon, "Kabataang Pilipino Para sa Matatag na Kinabukasan ng Bagong Pilipinas", ay naglalarawan ng inyong mahalagang papel sa pagbubuo ng isang bagong Pilipinas na matatag at puno ng pag-asa. Binibigyang diin nito ang kahalagahan ng edukasyon sa paghubog ng mga kabataang Pilipino bilang mga bantayog sa pagtatayo ng isang mas matatag at progresibong bansa. Kayo, ang kabataang Pilipino, ang pangunahing lakas sa pagbabago patungo sa isang mas progresibong bansa. Armado ng kaalaman, kasanayan, at layunin, kayo ang susi sa pagtataguyod ng isang mas maliwanag na bukas para sa ating bansa.

Tunay nga, ang inyong mga paglalakbay sa K to 12 ay humubog sa inyo upang maging mga tagapamuno ng ating lipunan, kaya gamitin ang lahat ng kaalaman at kasanayan na inyong natutunan at ipagmalaki ang inyong mga kontribusyon para sa ating minamahal na bansa at sa buong mundo. Habang inyong sinisimulan ang bagong landas patungo sa inyong kinabukasan, alalahanin ang mga aral na inyong natutunan, ang mga pagkakaibigan na inyong nabuo, at ang mga pangarap na inyong minimithi. Gawin ninyo silang ilaw na gagabay sa inyo sa ano mang hamon ng buhay.

Sa inyong mga minamahal na magulang o tagapangalaga, ito na ang panahon ng “pag aani”, sapagkat ang lahat ng kanilang sakripisyo para sa inyo ay nagbunga! Bukod dito, pasalamat natin ang lahat ng inyong mga butihing guro na ginampanan ang mahalagang papel sa pag-unlad ng inyong katatagan sa harap ng mga pagsubok. Panahon na upang gamitin ito sa pagtahak ng isang bagong yugto sa inyong buhay.

Tulad ng sinabi ni Arthur Ashe, "Magsimula kung saan ka naroroon. Gamitin ang meron ka. Gawin ang kaya mo."

Pagbati sa mga magtatapos! Ang hinaharap ay sainyo upang hubugin ng ayon sa inyong nais, at walang duda na gagawin ninyo ito nang may tapang, integridad, at walang hanggang potensyal. Mabuhay ang MATATAG na mga K to 12 Graduates!

